ACTIVITY

A. Pagtugmain ang salita at larawan. Gumuhit ng linya na magdudugtong dito.

espiya (spy)	espada (sword)	Rahab	lubid (rope)
trumpeta (trumpet)	kawal (soldier)	bintana (window)	Joshua

B. Sagutin ang mga tanong. Bilugan ang larawan ng iyong sagot.

1. Sino ang pinili ng Diyos na maging bagong leader ng mga Israelita kapalit ni Moses?

Joshua

Joseph

2. Anong pangalan ng lunsod na sasalakayin nila Joshua?

3. Sino ang nagtago sa dalawang espiya na pinadala ni Joshua?

Rahab

Rebecca

4. Sa unang anim na araw, ilang beses inikutan nila Joshua ang lunsod ng Jerico?

5. Ano ang hinipan ng mga pari ng malakas na sinundan naman ng pagsigaw ng mga tao?


Pito

Trumpeta

Si Joshua ay nagtiwala ng lubos at sumunod sa mga iniutos ng Diyos kaya naman siya ay nagtagumpay sa kaniyang mission. Sa pangunguna niya sa mga Israelita mula sa pagtawid sa Ilog Jordan hanggang sa pagpapabagsak ng mataas na pader ng Jericho, hindi naging mahirap ang mga balakid na nakikita ng mata nila dahil sa kaniyang pagtitiwala sa pangako ng Diyos.

C. Kulayan ang larawan.

Pitong pari na may dalang trumpeta ng mga sungay ng lalaking tupa ang pinatunog nang sila ay umikot sa lunsod ng Jerico.



Ang mga batang tulad natin ay mangangamba siguro kung tayo ay naroon sa pangyayaring iyon. Kapag tiningnan natin ang mataas na pader, mag-aalangan tayo kung paano mapapabagsak ito. Ngunit nagtiwala at sumunod si Joshua sa sinabi ng Diyos. Ang salita Niya ay dapat na pagtiwalaan at sundin. Alamin at sundin din natin ang Kanyang mga salita upang tayo rin ay magtagumpay sa anumang laban gaya ni Joshua.

D. Sagutin ang tanong.

Nakinig at sumunod si Joshua sa sinabi ng Diyos sa kanya. Sabi sa Deuteronomio 6:5 ay ito, *Mahalin ninyo ang Panginoon na inyong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buo ninyong lakas.*

Paano mo pinapakita ang pagmamahal mo sa Diyos?

E. Memory Verse

Dahil sa pananampalataya ng mga Israelita, gumuho ang pader ng Jerico matapos silang maglakad sa palibot nito nang pitong araw. **Hebrews 11:30**